# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 74*

***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles." (Mateo 5:25-26 KJV)***

Tayo'y magpapatuloy sa mensaheng ito sa pag aaral sa pagsasagawa kapag ikaw ay nabigong mabayad o ibigay ang nararapat sa tao, sa pamahalaan, sa simbahan o sa Dios, kung anong magiging epekto ng gayong mga pagkilos mo. Napag usapan na natin ang tungkol sa pag iikapu, pagbibigay ng unang bunga at ng iyong mga handog sa Dios. Ipapagpatuloy natin ngayon na salitain ang higit na mga detalye patungkol sa kung anong kailangan mong ibigay sa Dios.

***"31 At kung ang sinoman ay tutubos ng alin mang bahagi ng kaniyang ikasangpung bahagi ay idagdag niya roon ang ikalimang bahagi niyaon." (Levitico 27:31 KJV)*** Kung tutubusin mo ang isang bagay o paluluwatin mong ibigay ang nararapat sa Dios sa gayon dapat mong dagdagan ng isang ika limang bahagi ng halaga kapag binayaran mo ito pabalik sa Dios. Ang pag antala ng pagbabayad ay magdudulot ng parusa. Kaya naman kapag pinaantala mo ang paggawa ng iyong takdang gawain at wala sa oras iyon ay magdudulot sa iyo ng pagdurusang kaparusahan. Ang pagtubos ay kapag pinalitan mo ng materyal na halaga sa salaping halaga, at sa paggawa niyon kailangan mong magdagdag ng isang karagdagang ika limang bahagi sa halaga na kailangan mong ibigay. Halimbawa kapag binago mo ang halaga ng limang tupang na kailangan mong ibigay sa Dios sa isang halaga ng salapi, pagkatapos kailangan mong idagdag ang ikalima sa halaga. Kung mayroon kang 100 na piraso ng saging ang ikapu nito ay 10 piraso. Kung nais mong ibigay ang salapi sa halip ng 10 piraso nito ng saging sa gayon ibigay mo ang halaga nito sa salapi sa pagdadagdag sa halaga ng ikalima. Halimbawa kung ang halaga ng banana ay 10 sa salapi, ang ikalima nito ay 2, kaya ang kabuuan na kailangan mong ibigay sa Dios ay 10+2 = 12.

Gayundin, huwag dapat nating kunin ang magagandang bagay at itapon ang hindi magagandang bagay sa Dios, ***"32 At lahat ng ikasangpung bahagi sa bakahan o sa kawan, anomang madaan sa tungkod, ay magiging banal sa Panginoon ang ikasangpung bahagi. 33 Huwag niyang sisiyasatin kung mabuti o masama, ni huwag niyang papalitan: at kung sa anomang paraan ay palitan niya, ay kapuwa magiging banal; hindi matutubos." (Levitico 27:32-33 KJV)*** Ang ibang mga tao ibinibigay nila sa Dios kung anong nais nilang itapon at pinapanatili ang magagandang bagay para sa kanilang sarili ngunit sa gayong pagkilos ay hindi makakatulong sa kanila. Kailangan nating maunawaan na ang lahat ng mga bagay na ito upang may kamalayan tayo na kapag sumuway tayo sa Dios at ipinagkait mula sa Kanya kung anong nararapat para sa Kanya sa gayon mayroong pagkukulang sa Kanyang mga pagpapala sa atin patungkol sa pananalapi o material na mga pagpapala.

***"6 Iginagalang ng anak ang kaniyang ama, at ng alila ang kaniyang panginoon: kung ako nga'y ama, saan nandoon ang aking dangal? at kung ako'y panginoon, saan nandoon ang takot sa akin? sabi ng Panginoon ng mga hukbo sa inyo, Oh mga saserdote, na nagsisihamak ng aking pangalan. At inyong sinasabi, Sa ano namin hinamak ang iyong pangalan? 7 Kayo'y nangaghahandog ng karumaldumal na hain sa aking dambana. At inyong sinasabi, Sa ano namin nilapastangan ka? Sa inyong sinasabi, ang dulang ng Panginoon ay hamak. 8 At pagka kayo'y nangaghahandog ng bulag na pinakahain, di kasamaan! at pagka kayo'y nangaghahandog ng pilay at may sakit, di kasamaan! Iharap mo nga sa iyong tagapamahala; kalulugdan ka baga niya? o tatanggapin baga niya ang iyong pagkatao? sabi ng Panginoon ng mga hukbo.*** (Ang bayan ng Dios ay naghahandog ng mga karumaldumal na mga handog sa Panginoon; ng pilay, ng bulag, o may sakit na hayop dinadala nila sa Panginoon. Ang seserdote ng Dios ay dapat ituro sa mga tao kung paanong parangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng pagdadala sa Kanya kung anong nararapat sa Kanya. Ngunit hindi nila ginagawa iyon dahil ayaw nilang masaktan ang mga tao sa halip nais nilang pasiyahin sila. Tinanong ng Dios dito kung nasaan ang parangal na nararapat sa Kanya at nasaan ang takot nararapat sa Kanya. Tinatanggap ng mga seserdote ang mga karumaldumal mga handog mula sa mga tao at inihandog nila sa dambana ng Dios. * Sila'y hindi nahiya sa Dios, at sinasabi ng Dios sa kanila at sinasabi sa atin ngayon, Tatanggapin ba ng pamahalaan mo iyan kung iaalay mo sa kanila? Kaya naman sa lahat ng dako ang mga bayarin ng pamahalaan ay marami dahil walang takot ang mga tao sa Dios at hindi nagbayad sa kung anong nararapat sa Kanya at hindi pinarangalan ang Dios, kaya ngayon ginagamit ng Dios ang pamahalaan ng sanglibutan upang disiplinahin ang Kanyang sariling bayan, at disiplinahin ang Kanyang mga pastor at mga namumuno sa simbahan na hindi pinarangalan ang Dios at dinisiplina ang Kanyang bayan at turuan sila kung paanong ibigay ang nararapat sa Dios. * Kaya naman ngayon ang pagtanggi ng mga taong ibigay ang nararapat sa Dios binabayaran nila ito ngayon sa may mga kapangyarihan sa pamahalaan at siningil mula sa mga tao sa pamamagitan ng sapilitan). ***9 At ngayo'y isinasamo ko sa inyo, inyong dalanginin ang lingap ng Dios, upang pagbiyayaan niya tayo; ito'y nangyari sa inyong mga paraan: tatanggapin baga niya ang pagkatao ng sinoman sa inyo? sabi ng Panginoon ng mga hukbo. 10 Oh kung mayroon sana sa inyo na magsara ng mga pinto, upang huwag ninyong mangapaningasan ang apoy sa aking dambana ng walang kabuluhan! Hindi***

***ko kayo kinalulugdan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ni tatanggap man ako ng handog sa inyong kamay.*** (Dahil hindi nila nais parangalan ang Dios, ayaw tanggapin ng Panginoon ang anumang mga handog na hindi katangap tanggap). ***11 Sapagka't mula sa sinisikatan ng araw hanggang sa nilulubugan niyaon, magiging dakila ang aking pangalan sa mga Gentil; at sa bawa't dako ay paghahandugan ng kamangyan ang aking pangalan, at ng dalisay na handog: sapagka't ang aking pangalan ay magiging dakila sa gitna ng mga Gentil, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.*** (Sinasabi Niya sa kanila na ang iba, ang mga Hentil, ay pinaparangalan Siya na mas mabuti kaysa sa kanila, at ang ibig Niya ring sabihin dito ay itatag Niya ang ibang tao upang parangalan Siya kung ang Kanyang bayan ay ipagkakait kung anong nararapat sa Kanya. Minsan naiisip mo na kung hindi mo ibibigay sa Dios ang nararapat sa Kanya, walang gagawa ng ganoon. Naiisip mo na ang iyong sarili ay mas mabuti kaysa iba at ikaw ay maayos. Ngunit dito sinasabi ng Dios sa kanila na dapat huwag nilang isipin na hindi Niya kayang pangasiwaan ng walang sila ngunit kaya Niyang itatag ang ibang mga tao mula sa ibang bansa, ang mga Hentil, na hindi kilala ang Dios at baguhin ang kanilang buhay at handa nilang parangalan ang Dios. Kung iyong lalabanan at tatangihan na parangalan ang Dios, kaya Niya at itataas Niya ang ibang tao upang matakot sa Kanya at igalang Siya). ***12 Nguni't inyong nilapastangan na inyong sinasabi, Ang dulang ng Panginoon ay nadumhan, at ang laman niyaon, sa makatuwid baga'y ang hain doon ay hamak. 13 Inyong sinasabi rin naman, Narito, nakayayamot! at inyong nginusuan, sabi ng Panginoon ng mga hukbo; at inyong iniharap ang nakuha sa dahas, at ang pilay, at ang may sakit; ganito ninyo dinadala ang handog: tatanggapin ko baga ito sa inyong kamay? sabi ng Panginoon.*** (Mula sa kanila ang Dios ay pasanin. Para sa kanila ang Dios ay huwag humiling. Para sa kanila ay Dios ay dapat tanggapin ang lahat ng mga kadusta-dustang bagay na nais nilang itapon. Dinadala nila kung nais nilang itapon sa Panginoon, at sinasabi ng Panginoon dito sa kanila na hindi Niya tatanggapin ang mga iyon mula sa kanila dahil ito'y walang paggalang sa Dios). ***14 Nguni't sumpain ang magdaraya na mayroon sa kaniyang kawan na isang lalake, at nananata, at naghahain sa Panginoon ng marungis na bagay; sapagka't ako'y dakilang Hari, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at ang aking pangalan ay kakilakilabot sa gitna ng mga Gentil." (Malakias 1:6-14 KJV)*** Ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang mga sumpa sa kanila nang inihandog nila at dinala ang mga depektibong mga hayop at ang marungis na mga alay sa Dios. Tinawag Niya silang mga manlilinlang at mandaraya nang kanilang ipinagkait ang magagandang bagay sa Dios at dinala ang masamang kalidad na mga bagay sa Kanya. Sa aking bansa halos lahat ng madre ay nagmula sa mahihirap na pamilyang nayon ng Katoliko, na hindi sumusunod sa pagpipigil sa pag-aanak, na maraming anak, at ibinibigay nila ang kanilang mga anak na babae na maging madre hindi para parangalan ang Dios kundi gagamitin nila ang Dios sa pagpapakain at pagpapalaki sa kanilang mga anak. Sa bansa ko ang pamilya na may anak na hindi magaling sa pag aaral ay iaalok nila sa kanya na maging pari. Kung matalino siya ay hindi nila gagawin iyan; pero ilalagay nila siya sa paaralan at hahayaan nilang makatapos siya ng magandang kolehiyo at magkaroon ng magandang trabaho. Nakikita ng Dios ang gayong pag uugali at haharapin ang ating masamang hangarin. Naniniwala ako na mayroon ka ring kaparehong halimbawa niyon. Ang punto dito ay kailangan mong parangalan ang Dios upang parangalan ka Niya.

***7. <u>Ang pagbabayad ng pitumpung taon na hindi binigyan ng kapahingahan ng bayan ng Dios ang lupain:</u>*** Ayon sa kautusan ng Dios sa Kanyang bayan ang mga Israelita na hinahasikan nila ang kanilang bukirin na ibinigay Niya sa kanila sa loob ng anim na taon at sa ika pitong taon, hindi ito sasakahan at hindi sila mag aani dito kundi bibigya nila ito ng isang pangingilin ng sabbath ng kapahingahan, at sila at ang mga taong kasama nila ay kakain na kung anong lalago sa pamamagitan ng kanilang sarili ngunit hindi sila mag aani. ***"1 At sinalita ng Panginoon kay Moises sa bundok ng Sinai, na sinasabi, 2 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagpasok ninyo sa lupain na ibibigay ko sa inyo, ay mangingilin ng isang sabbath sa Panginoon ang lupain. 3 Anim na taong hahasikan mo ang iyong bukid, at anim na taong kakapunin mo ang iyong ubasan, at titipunin mo ang bunga ng mga iyan; 4 Datapuwa't sa ikapitong taon ay magiging sabbath na takdang kapahingahan sa lupain, sabbath sa Panginoon: huwag mong hahasikan ang iyong bukid, ni kakapunin ang iyong ubasan. 5 Yaong tumubo sa sarili sa iyong inaanihan ay huwag mong aanihin, at ang mga ubas ng iyong ubasan na hindi nakapon ay huwag mong titipunin: magiging taong takdang kapahingahan sa lupain. 6 At ang bunga sa sabbath ng lupain ay magiging pagkain sa inyo; sa iyo, at sa iyong aliping lalake at babae, at sa iyong aliping upahan, at sa taga ibang bayan na nakikipamayan sa iyo;" (Levitico 25:1-6 KJV)***

Ang hamon sa kanila ay kung paano nila pangangasiwaan ang kanilang buhay kung hindi sila maghahasik? Binigyan sila ng Panginoon ng pangako at lingap para doon gaya ng mababasa natin dito: ***"20 At kung sasabihin ninyo, Anong aming kakanin sa ikapitong taon? narito, hindi kami maghahasik ni magtitipon ng aming mga bunga: 21 At aking igagawad ang aking pagpapala sa inyo sa ikaanim na taon, at magbubunga ng kasya sa tatlong taon. 22 At maghahasik kayo sa ikawalong taon, at kakain kayo ng dating kinamalig na mga bunga hanggang sa ikasiyam na taon, hanggang sa dumating ang pagbubunga ng ikawalo ay kakain kayo ng dating kinamalig." (Levitico 25:2-22 KJV)*** Sinabi ng Dios sa kanila na bibigyan Niya sila ngunit kailangan nilang sumunod sa Kanya. Ang bunga sa ika anim na taon ay mas magiging mas marami kaysa kailangan nila, ito ay magiging sapat para sa tatlong taon, at pananatilihin sila hanggang sa pasimula ng ika siyam na taon. Ngunit hindi nila sinunod ang kautusan ng Dios at sa maraming taon na sila'y namuhay sa lupain hindi ipinangilin ang sabbath ng kapahingahan ng lupain sa karagdagan sa ibang pang kasalanan na kanilang

ginagawa, kaya ang ginawa ng Dios sa kanila, Ipinahintulot Niya ang mga taga Babilonia na pumunta at sinakop ang lupain at kinuha ang Kanyang bayan bilanggo sa Babilonia at sila'y pinilit na lisanin ang kanilang lupain, upang ang lupain ay makapagpahinga mula sa kanila. Ang nararapat na kapahingahan na itinanggi nilang ibigay sa lupain ay kinuha ito ng Panginoon sa kanila sa pamamagitan ng dahas.

Kung anong iyong ipinagkait na ibigay sa Dios, kukunin ito ng Panginoon mula sa iyo sa hindi mapayapang paraan kundi sa kaguluhan. Huwag magpalinlang tutuparin ng Dios ang Kanyang Salita, Siya ang hukom at Siya ang tagapagbigay ng kautusan. Huwag magpalinlang sa iba na nagtuturo na hindi ka hahatulan ng Panginoon o hindi Niya ipapahintulot na mangyari ang ganoon. Tiyak gagawin Niya!

Ang bayan ng Dios nang sila'y pinadala sa Babilonia, sila ay mayroong ilang mga propeta na naroon kasama nila na nagsasabi sa kanila sa madaling panahon ay babalik ka sa iyong dako. Ngunit ang propetang si Jeremias ay sumulat sa kanila na sila'y mananatili doon ng pitumpong taon upang bayaran ang kaparusahan na hindi pagbabayad ng pangingilin ng sabbath ng kapahingahan sa lupain. Kung 70 taon ang parusa, pinarami ito ng 6, isang taon sa loob ng anim na taon, kung gayon ang kabuuang bilang ng mga taon na hindi nila sinusunod ng pangingilin ng sabbath ng kapahingahan ng lupain ay 420 taon. Kaya kailangan nilang bayaran ng 70 taon ng parusa nito; walang trabaho, walang ani, at walang kita. Nakakita ka na ba ng mga lupaing mayaman pero walang nakatanim. Sila ay nasa ilalim ng sumpa ng Dios dahil ang kanilang mga may ari ay hindi nagbigay ng kapahingahan sa lupain at hindi nila pinarangalan ang utos ng Dios kaya ginawa ng Dios na ito ay mapahamak.
Huwag paunlakan ang ibang turo at ibang nangangaral na nagsasabi ng kabaligtaran. Ipinadala ng Dios ang Kanyang Salita sa pamamagitan ni propetang Jeremias upang sabihin sa mga nabihag na sila'y mananatili ng pitumpong taon sa pagkabihag, at ipinadala Niya ang Kanyang Salita sa atin ngayon upang ituro sa atin upang bayaran kung anong nararapat para sa atin at ituro kung paanong ipamuhay ang ating buhay sa Kanya. Ating basahin ang ***Jeremias 29:1-14.***

***"1 Ito nga ang mga salita ng sulat na ipinadala ni Jeremias na propeta mula sa Jerusalem sa nalabi sa mga matanda sa pagkabihag, at sa mga saserdote, at sa mga propeta, at sa buong bayan, na dinalang bihag ni Nabucodonosor sa Babilonia mula sa Jerusalem: 2 (Pagkatapos na makaalis sa Jerusalem si Jechonias na hari, at ang ina ng hari, at ang mga bating, at ang mga prinsipe sa Juda at sa Jerusalem, at ang mga manggagawa at ang mga mangbabakal;) 3 Sa pamamagitan ng kamay ni Elasa na anak ni Saphan, at ni Gemarias na anak ni Hilcias, (na siyang sinugo sa Babilonia ni Sedechias na hari sa Juda kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia,) na nagsasabi, 4 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, sa lahat ng bihag na aking ipinadalang bihag sa Babilonia mula sa Jerusalem, 5 Kayo'y mangagtayo ng mga bahay, at inyong tahanan; at kayo'y maghalamanan, at kanin ninyo ang bunga ng mga yaon. 6 Magsipagasawa kayo, at kayo'y mangagkaanak ng mga lalake at mga babae; at ikuha ninyo ng mga asawa ang inyong mga anak na lalake, at inyong ibigay na asawa ang inyong mga anak na babae, upang sila'y mangagkaanak ng mga lalake at mga babae: at kayo'y magsidami roon, at huwag kayong magpakaunti. 7 At inyong hanapin ang kapayapaan sa bayan na aking pinagdalhan sa inyong bihag, at inyong idalangin sa Panginoon: sapagka't sa kapayapaan niyaon ay magkakaroon naman kayo ng kapayapaan. 8 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Huwag kayong dayain ng mga propeta na nangasa gitna ninyo, at ng inyong mga manghuhula, o mangakinig man kayo sa inyong mga panaginip na inyong napapanaginip. 9 Sapagka't sila'y nanganghuhulang may kasinungalingan sa inyo sa aking pangalan: hindi ko sinugo sila, sabi ng Panginoon. 10 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Pagkatapos na maganap ang pitong pung taon sa Babilonia, aking dadalawin kayo, at aking tutuparin ang aking mabuting salita sa inyo, sa pagpapabalik sa inyo sa dakong ito. 11 Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pagiisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas. 12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo. 13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso. 14 At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalhang bihag sa inyo." (Jeremias 29:1-14 KJV)***

Ang Kanyang bayan sa Babilonia ay pinapaunlakan ang ibang huwad na mga propeta na kasama nila sa Babilonia na nagsasabi sa kanila na babalik sila sa tahanan sa madaling panahon. Sinasabi lamang nila iyon upang pasiyahin ang mga tao, ngunit sa talata 8 at 9 sinabi sa kanila na huwag pahintulot sila na dayain ka at idinagdag Niya na hindi Niya ipinadala sila. Sino ang mga huwad na mga propeta? Sila ay ang iyong mga kaibigan, katrabaho, at kapwa na nagsasabi lamang ng mga salita na sumasang ayon sa iyo upang pasiyahin ka ngunit hindi sila ipinadala ng Dios, Sila'y sumasang ayon sa iyo dahil pinipilit mong pumunta sa direksyon, ngunit ang direksyong iyon ay labag sa kalooban ng Dios.

Tiyakin na tutuparin ng Dios ang Kanyang paghatol at kailangan mong tiisin iyon. Ngunit hindi ka kalalimutan ng Dios. Nangako ang Dios dito sa talata 10 na pagkatapos nilang matapos ang pitumpung taon, ang parusa sa

kanilang mga kasalanan, Ibabalik Niya sa kanila ang kanilang lupain. * Magkakaroon ng panahon na ibabalik ka ng Dios sa tiyak mga lugar , ngunit sa ngayon kailangan mong gawin ang iyong bagong takdang gawain. Walang balak ang Dios na parusahan ka para lupigin ka kundi Siya ang Dios na makatarungan at kailangang ipatupad ang Kanyang Salita at ituro sa iyo ang aral. * Ang Dios ay mayroong mabuting saloobin sa iyo at sa atin. Sinabi Niya sa talata 5 na magtayo ng mga bahay at halamanan at manirahan sa bagong dako na inilagay Niya sa kanila. Sa talata 6 ipinayo Niya sa kanila na magasawa at magkaroon ng mga anak na lalaki at babae, pati na rin iniutos Niya sa kanila na hayaan ang kanilang mga anak na mag asawa at magkaroon ng mga anak upang dumami at huwag kumaunti. Kaya nais ng Dios sa iyo na manirahan, mag isip ng matalino, at magsimula ng pamilya, magparami sa bilang, itong lahat ay mabuting saloobin ng Dios at ang Kanyang kaloob sa atin at sa mga kasama natin. Sa talata 7 iniutos Niya sa kanila na manalangin at hanapin ang kapayapaan sa bayan na kanilang pinagdalhan upang kapag ito'y sumagana sila din ay sasagana. * Kaya naman saanman tayo inilagay ng Dios nais Niyang mag isip tayo ng postibo at manalangin para sa pagpapala ng Dios na dumaloy sa dakong iyon upang tayo din ay maging masagana. * Ang Dios ay may mabuting saloobin patungo sa atin kapag nais nating batahin ang kahatulan at ang kaparusahan ng Dios. Ang saloobin ng Dios sa iyo ay mabuti at hindi masama. Ang saloobin ng Dios sa iyo ay pasaganain ka. ***"11 Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pagiisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas."*** ***(Jeremias 29:11 KJV)***

* Magsisimula mong malaman ang mga saloobin kapag sinimulan mong tumawag sa Dios manalangin sa Dios, at sasagutin ka Niya,

***"12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo."*** ***(Jeeremias 29:12 KJV)*** * At kapag hinanap mo Siya matatagpuan mo Siya at matatagpuan mo ang Kanyang kalooban kapag hinanap mo Siya ng iyong buong puso, ***"13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso."*** ***(Jeremias 29:13 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ilan sa inyo ang nais ibigay ang iyong puso sa Panginoon, Lumapit kay Jesus at ibigay sa Kanya ang iyong puso at buksan ang iyong puso sa Kanya, ***"14 At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalhang bihag sa inyo." (Jeremias 29:14 KJV)*** Palalayain ka ng Panginoon mula sa iyong mga kasalanan at pagkaalipin at sa mga bagay na iyong kinapit, at tutulungan ka at ibabalik Niya sa iyo ang magagandang plano Niya para sa iyo. Iwanan ngayon ang iyong mga dating plano at ang iyong mga dating paraan at lumapit ng sariwa sa Dios at magkaroon ng isang bagong mapalad na simula sa Kanya mula sa araw na ito.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. AKo'y nagpapasalamat Panginoon sa iyong Salita na ipinakita sa akin kung saan kita binigo, at ang mabubuting saloobin at ang mabuting plano na mayroon ka sa akin.*

*Ipahayag ngayon ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat ng iyong masamang gawain. Talikdan ang iyong kakulangan ng pagbibigay ng tamang halaga sa Dios, at pagbibigay ng mababang kalidad na mga bagay sa Kanya. Panginoon ipinahayag ko at tinalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan _________________. Panginoonn handa kong batahin ang mga bunga ng aking mga kasalanan at masamang gawain.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa mga tagubilin na aking tinanggap ngayon mula sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ibigay ang nararapat sa iyo mula sa ikapu, mga handog at unang bunga, at bayaran ang ikalima kung aking tutubusin at ipinagkait kung anong nararapat sa iyo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na parangalan ka sa pagbibiay ng pinakamabuti ng mayroon ako, at ituro sa mga tao na ibigay ang kanilang pinakamabuti sa iyo. Panginoon handa akong ipangilin ang sabbath ng kapahingahan para sa lupain na ginamit ko sa paghahasik.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili na ipamuhay ang kanilang buhay sa iyo at paglingkuran ka. Panginoon ipahayag ang iyong mabuting plano sa kanila at tupdin ang lahat ng iyong mabubuting saloobin sa kanilang buhay. Panginoon protektahan sila, alalayan sila, at bigyan sila ng pagtitiis, kahinahunan, at mahabang pagdurusa hanggang sa matupad ang ipinangako mo sa buhay nila.*

*Panginoon pagpalaim kami bilang isang simbahan at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kaming mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa at paging dapatin kaming magtanim ng bagong pagaaral ng Biblia at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.*

*Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 74. Bayaran ang iyong mga paglabag. Mateo 5:25-26. Levitico 27:31-33. Malakias 1:6-14. Levitico 25:1-6, 20-22. Jeremias 29:1-14.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com